

Kung nagtrabaho ka sa Guam Shipyard at ikaw ay tinanggal sa trabaho mo doon, maaaring maapektuhan ang iyong mga karapatan ng isang malawakang demanda laban sa Guam Shipyard.

Maaari kang maapektuhan ng isang desisyon mula sa isang demanda laban sa Guam Industrial Services, Inc., na kilala rin bilang Guam Shipyard, tungkol sa kung ang pagtanggap nila sa mga empleyado nila noong Oktubre 2015 ay labag sa batas na pederal ng Estados Unidos. Ang kaso ay kilala bilang *Carlberg, et al., v. Guam Industrial Services dba Guam Shipyard, Mathew Pothen*, Civil Action No. 14-00002. Ang Punong Hukom na si Judge Frances Tydingco Gatewood ng Hukumang Distrito ng Estados Unidos sa Guam ang nangangasiwa sa kasong ito. Ang Korte ay nagpasya na ang kasong ito ay dapat na isang malawakang pagkilos (bilang Class Action), dahil sa ngalan ng isang "Class," o grupo ng mga tao, na maaaring kabilang ka. Ang mga abugado na kumakatawan sa Class ay kasalukuyang nagtatrabahong ipunin ang mga posibleng miyembro ng Class, upang ang detalyadong paliwanag ng mga karapatan ay maaaring ipadala sa mga miyembro ng Class. **Wala pa hong pera na makukuha sa ngayon at walang ring garantiya na magkakaroon ng pera mula sa kasong ito.**

Apektado ka ba?

Nagpasya si Judge Gatewood na ang lahat ng mga tao na tinanggal na walang pahintulot na kinakailangan sa ilalim ng WARN Act ng Guam Shipyard noong Oktubre 15, 2013, o di kaya kalapit na petsa nito, at kung sino ang mga "affected employees" at nakaranas ng "employment loss" na tinutukoy sa WARN Act, ay mga miyembro ng Class na ito. Maari ring kasama sa grupong ito ay mga Pilipinong nagtrabaho sa Guam Shipyard sa ilalim ng H-2 visa na kumpleto din sa ibang mga hinihiling ng Class.

Tungkol Saan ang Kasong Ito?

Ang kasong ito ay tungkol sa kung lumabag ang Guam Shipyard sa mga probisyon ng Worker Adjustment and Retraining Notification Act ("WARN Act" o "Act"), 29 USC §§ 2101-2109, sa hindi pagbigay ng sapat na abiso sa mga manggagawa nito na magkakaroon ng isang malawakang pagtanggap ng mga empleyado ng Guam Shipyard. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa WARN Act ay matatagpuan sa pahinang ito sa website ng US Department of Labor, www.doleta.gov/layoff/warn.cfm.

Sino ang kakatawan sa iyo?

Ang Korte ay nagpasya na ang mga abogado na sina Joseph C. Razzano at Joshua D. Walsh ng law firm na Civile & Tang, PLLC ng Guam, ay kwalipikado upang kumatawan sa iyo at sa lahat ng mga miyembro ng Class. Ang mga abogado na ito ay tinatawag na "Class Counsel." May eksperiensya sila sa paghawak ng mga malawakang pagkilos laban sa iba pang mga dinedemanda. Ang mga miyembro ng Class na sina Russ Carlberg, Roel Dacasin, Reynaldo Galvez, Delmario Cortez, at Gary Chang ay mga miyembro ng klase na tulad mo at tinanggap sila ng korte bilang "class representatives."

Ano ang dapat mong gawin ngayon?

Nais ng Korte na tiyakin na lahat ng bahagi ng "Class" ay nauunawaan ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng kaso, kaya hinihikayat kang makipag-ugnayan sa mga abogado na kumakatawan sa Class upang maaari nilang kunin ang iyong pangalan, o ang pangalan ng isang tao na sa tingin mo ay maaaring kasali sa Class, upang mabigyan ng karagdagang impormasyon. Ang mga detalye kung kanino at saan puwedeng makipag-ugnayan ay nasa ibaba.

Bukod sa pagbigay ng pangalan at karagdagang impormasyon mo sa mga abogadong kumakatawan sa Class, wala kang kailangang gawin sa ngayon kung gusto mong panatilihin ang posibilidad na makakuha ng pera o mga benepisyo mula sa kasong ito. Wala ka nang kailangang gawin pang iba upang manatili sa Class. Kung mananatili ka sa Class at makakuha ng pera o mga benepisyo ang Class, bilang resulta ng paglitis o pagkakasundo sa pagitan ng Guam Shipyard at mga nagdedemanda, makakatanggap kayo ng abiso kung paano mag-aplay para makakuha ng bahagi ng pera o benepisyo (o kung paano humiling na huwag maisama sa anumang kasunduan). Kung matalo ang mga nagdedemanda sa kaso, wala kang makukuha.

Maaari mong piliin na huwag maisama ang iyong sarili sa Class. Kung ibubukod mo ang iyong sarili mula sa Class - heto ay tinatawag na "opting-out" ng Class - hindi ka makakatanggap ng anumang pera o benepisyo, kahit na makakuha ang mga nagdedemanda ng mga ito bilang resulta ng paglitis o anumang kasunduan sa pagitan ng Guam Shipyard at ang mga nagdedemanda. Gayunpaman, maaari kang magsampa ng sarili mong kaso laban sa Guam Shipyard para sa paglabag sa WARN Act sa anumang oras.

Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Bisitahin ang website ng Hukumang Distrito ng Estados Unidos sa Guam sa WWW.GUD.USCOURTS.GOV o bisitahin ang WWW.FACEBOOK.COM/GUAMSHIPYARDCLASSACTION, kung saan makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa kaso tulad ng mga pangunahing dokumento at mga petsa ng korte, pati na rin ang dokumento para sa Pagbubukod ng Kahilingan.

Maaari ring mag email sa law firm na may hawak sa kasong ito sa receptionist@civilletang.com, o makipag-usap sa isa sa mga abogado sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-671-472-8868, o sa pamamagitan ng pagsulat sa: Guam Shipyard Class Action, c / o The Law Offices of Civile & Tang, PLLC, 330 Hernan Cortez Ave, Suite 200, Hagatna Guam, USA, 96932.